

# Chapter One



Sa edad na beinte, dapat ay graduate na ng kolehiyo si Andrew, pero nasa second year college pa rin siya hanggang ngayon sa kursong Bachelor of Secondary Education major in English. Hindi kasi niya mapilit ang sarili na ayusin ang pag-aaral. Husayan man niya ang pag-aaral ay wala pa rin namang makaka-appreciate niyon.

Isang hapon, habang nakahiga siya sa isang bench sa campus nila ay may naulingan siyang napakahinang tunog ng animo'y umiiyak na babae. Sobrang hina na halos hindi na niya iyon marinig.

Luminga-linga siya sa paligid, pero wala

naman siyang nakitang tao. Dahil sa curiosity, tumayo siya para hanapin kung saan nanggagaling ang tunog na iyon hanggang sa mapalapit siya sa isang malaking puno. Doon ay mas naririnig na ang pag-iyak ng kung sino. Dahan-dahan siyang sumilip sa gilid ng puno at doon niya nakita ang isang dalagang nakayuko habang nakaupo at umiiyak.

Naawa siya rito. Animo'y nilamukos ang kanyang puso nang marinig itong huminga nang malalim bago magpakawala ng impit na pag-iyak na wala pa ring tunog. Tila ba ayaw nitong may makapansin dito kaya sinusubukan nitong kontrolin ang paghagulhol. Ngunit tila nahihirapan na ito sa paghinga dahil sa kaiiyak kung kaya naisipan niyang abutan ito ng panyo.

Ipinatong ni Andrew ang sarili niyang panyo sa balikat ng umiiyak na dalaga. Tila nanigas naman ito dahil sa ginawa niyang iyon. Dahan-dahan nitong iniangat ang mukha mula sa pagkakayuko at nilingon ang kanyang kamay na nakapatong sa balikat nito saka ito tuluyang tumingin sa kanyang mukha.

Animo'y natulos siya sa kinatatayuan nang mga sandaling iyon. Bakit hindi? Napakaganda nito na tila ayaw na niyang kumurap man lang sa

takot na mawala ito sa kanyang paningin.

Kahit medyo namamaga na ang mga mata nito at namumula ang ilong ay hindi pa rin matatawaran ang kagandahan nito. Pero napansin niya ang lungkot sa mga mata nito. Kaya naalala ulit niya ang panyong iniaalay rito.

Tumikhim si Andrew para alisin ang tila bara sa kanyang lalamunan. “You need this,” aniya pagkaraan.

Tiningnan ulit ng babae ang kamay niyang may hawak na panyo. Ilang saglit pa muna ang dumaan saka nito dahan-dahang tinanggap iyon. “T-thank you,” tipid nitong sagot saka pinunasan ng panyo ang mukha. Kahit ang pagpupunas nito ng mukha ay napakahinhin kagaya ng pag-iyak nito.

“Do you need to unload?” Nakaramdam kasi siya ng kagustuhang tulungan ito sa kahit na anong paraang kaya niya.

Naguguluhan itong napatingin sa kanya.

Umupo siya sa tabi nito, pero nag-iwan siya ng distansya para hindi ito mailang sa kanya. “Mukha kasing ang laki ng problema mo. S’abi ng iba, nakakagaan daw ng pakiramdam kapag ibinabahagi mo sa iba ang problema mo. Even just to a random person.”

“I’ll be fine, thanks.” Medyo lumakas na ang boses ng dalaga, pero mapapansin pa rin ang hinhin niyon. Strange because he usually got attracted to someone strong and independent. Kabaliktaran ng babaeng ito. But right now, he was completely drawn to her.

“Hindi kita pagtatawanan o huhusgahan, promise.” Itinaas pa niya ang kanyang kanang kamay, tanda ng pangangako.

Tumingin ito sa kanyang mga mata, pero agad ding binawi iyon kapagkuwan. Parang hindi ito sanay na makipagtitigan nang kahit saglit lang sa ibang tao.

“Napagod lang,” tugon nito mayamaya.

“Napagod saan?” udyok pa ni Andrew.

“Sa buhay.”

Nanahimik muna siya nang ilang sandali at tiningnan ulit ang kausap. *Hmm... Mukhang hindi naman itsurang magpapakamatay*, aniya sa sarili kapagkuwan. “Bakit naman?” tanong ulit niya rito.

“Ikaw ba hindi napapagod sa buhay mo?” balik nito.

Napaisip tuloy si Andrew. Hanggang sa natagpuan na lamang niya ang sariling nagkukuwento rito. Bagay na hindi niya

kailanman ginawa kahit sa malalapit niyang kaibigan. Ayaw kasi niyang pinag-uusapan ang buhay ng pamilya niya.



Naninibago pa si Sabryna sa pagsasabay ng trabaho at pag-aaral kung kaya nasumpungan niya ang sariling umiiyak sa ilalim ng isang malaking puno sa loob ng pinapasukan niyang universidad. Pakiramdam kasi niya ay siya na ang pinakamalas sa lahat ng tao sa mundo.

Habang nakaupo siya roon kanina ay iniisip niya ang mga gagawin sa susunod na mga araw, buwan, at dalawang taon pa hanggang sa maka-graduate siya. Bigla siyang nakaramdam ng ibayong pagod. Tila ba pinagsakluban siya ng langit at lupa nang mga oras na iyon.

Impit siyang umiiyak doon sa takot na may makarinig o makapansin sa kanya. Wala siyang ibang gustong gawin nang mga oras na iyon kundi ang mapag-isa, bukod sa hindi naman talaga siya palakaibigan na tao. Ngunit sa malas niya ay may lumapit sa kanya at may kung anong iniaabot sa kanyang balikat.

Dahan-dahan niyang nilingon ang balikat at doon ay nakita niya ang kamay ng kung sino na may hawak na panyo. Saka siya nag-angat ng

tingin sa mukha nito. Hindi agad niya naiiwas ang mga mata mula sa pagkakatitig dito dahil familiar sa kanya ang mukhang iyon.

Nakikita na niya ito sa campus nila, pero hindi niya ito kilalang talaga. Ang totoo ay may crush siya rito. Pero kinahiyaan na niyang ipagtanong ang pangalan nito. Bukod sa wala naman talaga siyang mapagtatanungan dahil wala siyang ka-close na kaibigan sa eskuwela.

Mas guwapo pala ito sa malapitan. Ang kinis ng kutis nito. Bilugan ang mga mata na may pagkasingkit sa dulo. Katamtaman ang kapal ng mga kilay na animo kinortehan dahil sa porma nito. Kay tangos at tila perpekto ang hugis ng ilong nito at mapupula ang labi na para bang kay lambot-lambot niyon. And he had just the right angled-jaw that made him look masculine despite his porcelain-like skin and well-formed eyebrows. Kay ganda rin pakinggan ng boses nito, waring may hatid na pampakalma iyon sa pandinig ni Sabryna. At heto siya ngayon, pinakikinggan ang kuwento ng buhay nito.



“Mabuti ka pa nga at nandiyan pa rin ang mga magulang mo. Kahit marami silang iniisip o problema, hindi ka nila iniwan. Binigyan ka nila

ng matitirhan, makakain, pinag-aral. Hindi ka nila pinabayaan...” sagot ng dalaga kay Andrew pagkaraan. Mababakas ang pait sa boses nito.

“Hmm... I guess your parents didn't do the same?” Nakita niyang gumuhit ang mapait na ngiti sa mga labi nito sa sinabi niya.

“Hindi pinakasalan ng ama ko ang aking ina at iniwan pa nang malamang buntis ito. Iniwan naman ako ng ina ko sa tiyahin ko nang isang taong gulang pa lang ako. 'Tapos nang medyo lumaki na ang pamilya ng tiyahin ko at nasa kolehiyo na ako, ang sinabi niya ay nagiging pabigat na raw ako sa kanila. So, I'm all by myself,” pahayag ng dalaga sa animo'y napakaordinaryong pamamaraan, subalit makikita sa mga mata nito ang tunay nitong nararamdaman.

Bigla ay ninais ni Andrew na ikulong ito sa kanyang mga bisig at yakapin nang mahigpit. Pero alam niyang hindi niya basta-basta puwedeng gawin iyon. Ni hindi pa nga sila nagkakakilanlan ng kanilang mga pangalan. Baka mabastusan lang ito sa kanya. Kaya idinaan niya ang simpatya sa pamamagitan ng kanyang mga mata habang matiim siyang nakatingin dito.

“Kaya kung ako sa 'yo, pahalagahan

mo pa rin ang mga magulang mo. Ano'ng malay mo, kailangan ka rin pala nila tulad ng pangangailangan mo sa kanila. Maybe, just maybe, if people learn to look out for their loved ones' needs instead of their own, pain would lessen in this world.”

Ilang saglit pa muna ang dumaan bago niya nagawang sumagot. “Wow! Parang ako yata ang nabawasan ng bigat ng loob sa pag-uusap nating 'to.” Nakita niyang ngumiti nang totoo ang dalaga sa pagkakataong iyon. Ngunit nang tinitigan niya ito ay muli itong nag-iwas ng tingin sa kanya. “Thank you, ha? Maraming salamat sa mga sinabi mo. Binigyan mo ng liwanag ang madilim kong mundo.”

“Walang anuman.” Sinsero itong ngumiti kapagkuwan. At mula sa pagkakataong iyon ay tila nagkaroon si Andrew ng pagnanais na palagi itong pangitiin nang ganoon.

“If it's any consolation, you might have lost your parents, but there are a lot of people in this world who would think of your needs before his.”

“Parang imposible naman yata iyon. Kung mga magulang at tiyahin ko nga na kadugo ko mismo, iniwan ako. Iyon pa kayang di ko kaanu-ano?”



“Wanna try me?” Tila nabigla ito sa sinabi niya. “By the way, I’m Chris Andrew Tan,” pagpapakilala niya rito, sabay lahad ng kanyang kamay.

Napatingin ito sa kamay niya nang ilang saglit bago inabot iyon at tinanggap ang kanyang pakikipagkamay. “Sabryna. Sabryna Ferrando.”

“Nice meeting you, Sab. Can I call you ‘Sab’?”

Tipid itong ngumiti at tumango. “Iyan din naman talaga ang palayaw ko.”

“Great then! You can call me ‘Drew’.”

“Okay.”

“Kapag kailangan mo ulit ng maiiyakan, panyo, mahihingahan ng sama ng loob, o kung ano pa man, sumigaw ka lang ng ‘Drew!’ at agad-agad akong darating. Nasa paligid-ligid lang naman ako nitong campus.”

“Parang masamang hangin lang, gan’on?”

Napakalutong ng pagtawa ni Andrew dahil sa biro ng dalaga. Hindi niya kasi ito ma-imagine na nagbibiro. Pero masaya siya na tila ba gumaan na ang loob nito sa kanya kahit papaano.

“You can say so,” pakikisabay na rin niya pagkaraan.

Habang pauwi siya sa kanila nang hapong iyon ay pinag-isipan niyang maigi ang pinag-

usapan nila ni Sabryna tungkol sa mga magulang nila. Napag-isip-isip niyang tama ito. Maaari ngang kailangan din ng suporta ng mga magulang niya mula sa kanya, ng pang-uunawa at higit sa lahat, pagmamahal. Maaaring may pagkukulang ang mga ito sa kanya bilang mga magulang, pero paano naman maaayos iyon kung siya mismo ay sinusuklian din iyon ng pagkukulang?

Napahugot siya ng malalim na hininga. Siguro nga ay panahon na para ibahin niya ang kanyang pananaw sa buhay. Hindi na rin siya bata. Sobra na ang panahong inubos niya sa pagrerebelde sa kanyang mga magulang. Hindi na kasalanan ng mga ito kung sakaling masira ang kinabukasan niya dahil nasa wastong edad naman na siya para gumawa ng mga sariling desisyon.

Kaya bago pa mahuli ang lahat, gustong simulan ni Andrew ang pagbabagong iyon sa paraang kaya niya. At sisimulan na niya ang bagong yugto ng buhay niya, ngayon mismo!

Pagkauwi sa kanila ay agad siyang naghanda ng hapunan. Nagpatulong siya sa kasambahay nilang si Yaya Carolina. Takang-taka pa nga ito sa iginawi niya nang hapong iyon, pero mas pinili nitong manahimik at asistehan na lamang siya

sa paghahanda at pagluluto.

“P’wede ba? Hindi naman isang buong linggo ang hinihingi ko sa ’yo, Ruel! Isang araw lang. Kahit isang araw lang,” narinig ng binata ang boses ng kanyang ina mula sa sala, marahil ay kararating lang nito. Animo’y nakikiusap ito sa kanyang ama.

“Iyon na nga. Alam mo naman kung gaano ka-busy sa opisina, pero kung makaakto ka, para bang wala kang alam. Alam mo kung ano ang mangyayari sa negosyo natin kung mawawala ako d’on ng kahit isang araw lang, di ba?” paliwanag ng ama niya. Mayamaya ay narinig na niya ang mga yabag ng mga ito paakyat.

Bagsak ang mga balikat na napabuntong-hininga na lamang si Andrew. Tinapik-tapik naman siya sa balikat ni Yaya Carolina na animo’y pinapalakas nito ang loob niya. Nginitian niya ito nang matipid saka nagpatuloy na siya sa pag-aayos ng dining table nila.

Ilang sandali pa at umakyat na rin siya saka kumatok sa kuwarto ng mga magulang niya. Pinagbuksan siya ng ina. Tila nagulat pa ito nang siya ang makita.

“Drew! Is there a problem, son?” Napuno agad ng pag-aalala ang mukha nito. Akala siguro

nito ay may dala na naman siyang masamang balita mula sa eskuwela.

“Dinner’s ready. Bumaba na po kayo ni Papa at nang sabay na tayong maghapunan.”

Tumaas ang dalawang kilay ni Mrs. Agnes Tan na tila ba hindi ito makapaniwala sa narinig mula sa kanya.

“Sige po, mauna na po ako sa ibaba,” paalam niya sa ginang hindi man lang nagawang sumagot sa kanya, marahil sa sobrang pagkagulat nito sa itinuran niya.

Nakaupo na si Andrew sa harap ng hapag nang bumaba ang kanyang mga magulang. Kitang-kita sa mukha ng ama niya ang pagkagulat, pero wala namang sinabi ang mga ito. Tahimik lamang silang kumain.

“This tastes new. Mmm... And it’s actually delicious! Manang, naiba ho yata ang timpla n’yo ngayon?” ani Mr. Ruel Tan.

“Ay, hindi po ako ang nagluto, Sir. Si Andrew po.”

Dahan-dahang napalingon ang kanyang ama sa kanya. Samantala, natigil naman sa ere ang kamay ng ina niyang may hawak na kutsara. “Is that true, son?” tanong pa nito.

“Err... yeah. Gusto ko lang subukang magluto.

Thank God at nagustuhan n'yo.” He tried to be light. Hindi kasi talaga normal sa kanila ang mag-usap-usap nang ganito sa hapag-kainan. Kaya nga ang pagluluto ang una niyang naisipang gawin.

Gusto sana niyang gawing habit na mag-usap-usap sila sa oras ng pagkain. Hindi bale nang pakaunti-kaunti basta may mag-improve sa pamamaraan ng pakikitungo nila sa isa't isa, ikaliligaya na niya iyon. Alam niyang hindi magiging madali ang plano niyang gawin. Old habits are hard to break, wika nga.

Tila nagtagumpay naman siyang hawaan sa pagiging *light* ang kanyang mga magulang.

“So ano, are you shifting to Culinary Arts? Magsabi ka na ngayon pa lang at nang malaman ko kung maaabutan ko pa ba ang graduation mo. Masyado ka nang delayed, eh,” tatawa-tawang biro ng kanyang ama. Nahawa si Andrew sa pagtawa nito at napakamot na lang sa ulo niya pagkaraan. Samantala, nagmamasid lang ang kanyang ina sa kanila.

# Chapter Two



Pagkatapos ng hapunan, kumain sila ng ice cream sa sala habang naka-on ang kanilang flat screen TV.

“Ma, Pa, alam ko ikinagulat n’yo ’to,” umpisa ni Andrew. “Pero wala naman kasi talagang tamang pagkakataon para simulan ang pagbabago, di po ba? These past few months, napapaisip na ako kung ano ba talaga ang gusto kong mangyari sa buhay ko. Inaamin ko, nagrebelde po ako sa inyo, thinking that it would make me feel better.

“But somehow, I realized that the void inside me is still there. Pakiramdam ko nga mas nagiging malalim pa ang kahungkagang iyon. Ang tagal na nating nagtitikisan. Ubos ang oras

n'yo sa trabaho't negosyo, ubos naman ang oras ko sa pagbubulakbol at pagpapasakit ng ulo n'yo. And I'm truly sorry for that. I've been immature, I know.

“But you see, I needed guidance, care and love. I need parents. I need you both. Kaso wala naman kayong oras sa 'kin. Parati pa kayong nagbabangayang dalawa. Wala akong maramdamang pagmamahal sa pamamahay na 'to. And it's suffocating.

“But someone told me today that maybe if people learn to look out for their loved ones' needs instead of their own, maybe pain would be lessened in this world.” Tiningnan niya ang mga magulang saka nagpatuloy sa pagsasalita.

“Maybe I just had to look out for you both and try to help you with your concerns in life and maybe... you'd be able to have some spare time for your son? What do you think?”

“Oh, son!” Humahagulhol na niyakap agad siya ng ina niya. Samantala, nakayuko naman ang kanyang ama.

“I'm sorry, Drew. It's been hard for me and your mom and we know it's been a lot harder for you. Pero 'wag kang mag-alala. Magbabakasyon kami ng mama mo. Maybe you could spare us

a week together first? Pagkatapos ay babalik kami at sana'y maging maayos na kaming mga magulang sa 'yo," saad ni Mr. Tan.

Tila hindi makapaniwala si Mrs. Tan sa narinig mula sa asawa. "Sigurado ka ba diyan sa pinagsasabi mo, Ruel? Eh, kanina lang kahit isang araw ay pinagtatalunan pa natin."

"Well, your son here gave me a realization. Something I can't just turn my back to."

Isang mahigpit na yakap ang pinagsaluhan nilang tatlo pagkatapos.



"Hi, Sab!" bati ni Andrew sa dalaga nang makita niya ito sa canteen ng eskuwelahan nila. Kararating lang din nito roon.

"Hello." Tipid siya nitong nginitian. Tila nahihiya pa rin.

"P'wede bang makisabay sa 'yo dito sa mesa?"

"O-oo naman," sagot nito makalipas ang ilang sandali.

Umupo agad si Andrew sa tapat nito. "Tara, order na tayo?"

"Hmm... Ikaw na lang. May dala na kasi akong baon, eh."

"Gan'on ba? Sige, mag-o-order lang muna ako." Iniwan niya ito saglit para pumunta sa



counter ng canteen at pumili ng makakain. “O, halika na. Kain na tayo,” aya niya sa dalaga pagbalik niya sa mesa nila.

Dahan-dahan naman nitong inilabas ang dalang baon mula sa bag nito, tila nahihiya.

“Ano ba iyang baon mo? Sige na, buksan mo na at nang makakain ka na rin.”

Nang binuksan nito iyon, tanging kakaunting scrambled egg at kanin ang laman niyon. Yukong-yuko ito kapagkuwan.

“Wow! Sarap naman niyan! Akin na lang iyang scrambled egg, p’wede? Medyo matagal na akong hindi nakakakain niyan. Gusto ko kasi ’yung luto ni Mama. Kaso wala naman na siyang oras para magluto sa bahay. Naglaway tuloy ako ngayon nang makita ko iyang ulam mo. Itong binili ko na lang ang sa ’yo, kung okay lang naman.”

“Ha? Nakakahiya...” sagot ni Sabryna, hindi makatingin nang direktso sa kanya.

“Ganito na lang, share tayo sa ulam natin. Okay?”

“Hmm... S-sige,” animo’y napipilitan lang nitong pagpayag kapagkuwan.

Agad niyang nilagyan ng mga ulam na in-order niya ang baunan ni Sabryna. Kumuha na

rin siya nang kalahati ng dala nitong scrambled egg at masagana na siyang kumain habang ito ay panay ang pagsulyap-sulyap sa kanya na tila ba naaaliw ito sa gana niyang kumain.

“Siyanga pala, gusto kang makilala ng mga magulang ko,” sabi ni Andrew rito mayamaya.

Napatigil ito sa pagsubo dahil doon. “B-bakit daw? May n-nagawa ba akong mali?”

Natawa siya sa naging reaksiyon nito. Para kasi itong may nagawang napakalaking kasalanan sa itsura nito ngayon. “Siyempre wala. May gusto lang daw silang sabihin sa ’yo.”

“Tungkol saan?” kunot-noong tanong ni Sabryna, nagtataka.

Nagkibit-balikat na lamang siya. Gusto kasi niya itong sorpresahin.

“Nahihiya ako. Kahapon pa lang tayo nagkakilala ’tapos ngayon gusto nila akong makausap? Ano ba kasi’ng sinabi mo sa kanila?”

“Don’t worry too much, okay? It’s not something to be anxious about, I promise.” Hinawakan ng binata ang isang kamay nitong nasa mesa para kalmahin ito, pero ikinagulat yata ni Sabryna ang ginawa niyang iyon dahil mabilis nitong binawi ang kamay mula sa pagkakahawak niya.

“Oops! I’m sorry. I just wanted to calm you down.”

Mailap ang mga mata ni Sabryna na tinanguan lang siya, pagkatapos ay nagpatuloy na ito sa pagkain.



“Ikaw si Sabryna?” salubong ng ina ni Andrew sa dalaga nang gabing pumunta siya sa bahay ng mga ito.

Tipid siyang ngumiti rito. “Magandang gabi po. Opo, ako nga po si Sabryna. Sabryna Ferrando po.” Inialok niya rito ang kanyang kamay, pero sa pagkabigla niya ay niyakap siya ni Mrs. Tan at hinalikan sa pisngi.

“I’m very glad to meet you, hija. Kung hindi dahil sa ’yo ay hindi pa kami magkakaayos nitong anak kong si Drew.”

Nagulat si Sabryna sa sinabi nito. Ngunit hindi pa man siya nakakapagsalita ay ang ama naman ni Andrew ang lumapit at yumakap sa kanya.

“We’re happy to meet you, hija.” Nginitian siya nito. “Halina kayo’t kumain.” Iginiya siya ng mga ito papunta sa dining area kung saan nakahanda na ang mga pagkain sa mesa.

“O, anak, hayan at iginawa kita ng nami-miss

mo 'ika mong scrambled egg," anang ginang kay Andrew.

Hindi tuloy maiwasang maalala ni Sabryna ang mukha ng binata kanina habang kumakain sila sa canteen. Nakakatuwang isipin na tuwang-tuwa na ito sa isang simpleng scrambled egg.

"Thanks, Ma." Kitang-kita ang saya sa mga mata nito. "Sab, tikman mo 'tong scrambled egg na gawa ni Mama at nang maintindihan mo kung bakit ako naglaway kanina n'ong makita ko 'yung baon mo." Nilagyan nga siya nito niyon sa plato niya. Pinamulahan ng pisngi si Sabryna. Pinilit niyang kalmahin ang sarili pagkaraan.

"Ito pa, o, kuha ka rin nito." Naglagay ulit sa pinggan niya si Andrew ng iba pang putaheng naroon sa lamesa.

"A-ah, Drew, tama na iyan. Ang dami-dami na, eh," nahihiyang saway ni Sabryna rito.

"Siyanga naman, hijo. Baka hindi na iyan maubos ni Sabryna. Nagda-diet ka ba, hija?" tanong sa kanya ni Mrs. Tan.

"H-hindi po, Tita. Kaya lang ang dami na po kasi talaga ang inilagay ni Drew sa plato ko, eh," may tipid na ngiting sagot niya rito.

"Mabuti naman at hindi ka nagda-diet. Ang mga kabataan pa naman ngayon, masyadong

conscious sa figure nila. Kung alam lang nila na kaming mga lalaki ay 'yung makukurba ang mga gusto," biro ni Mr. Tan na sinabayan na rin ng tawa.

"Manahimik ka nga, Ruel, at nakakahiya dito kay Sabryna," awat dito ng asawa.

Sa kabuuan ay naging masagana at masaya ang hapunan nila.

Nang nasa sasakyan na sila upang maihatid siya ni Andrew pauwi ay hindi na napigilan ni Sabryna na ilabas ang saloobin sa kasama. Hindi kasi niya nagustuhan ang ginawa nitong paglilihim sa kanya tungkol sa dahilan ng pagpapapunta ng mga magulang nito sa kanya.

"Sana sinabihan mo 'ko," mababa ang tonong wika niya rito.

"May problema ba? Okay naman ang lahat, di ba?" Tila naguluhan ang binata sa biglaang pagbabago ng mood niya. Hindi na niya ito sinagot pa. "Look, Sab, my parents just wanted to personally thank you," paliwanag nito.

Nagkakaganoon lang naman si Sabryna dahil hindi talaga siya sanay sa mga sorpresa.

*Iyon ba talaga, Sab? O hindi ka lang talaga sanay na tratuhin kang kapamilya?* Humugot na lamang siya ng malalim na hininga pagkaraan.

“Huwag ka nang magalit, please?” ani Andrew sa nagpapa-cute na mukha.

Ang umahong inis sa dibdib ni Sabryna ay parang bulang naglaho dahil sa simpleng pagpapa-cute nitong iyon. Nang bigla siyang mapatigil kapagkuwan.

Nanliliit ang mga matang lihim na ineksamin niya ang sarili. Naninibago kasi siya. Hindi ganoon kadalang paglubagin ang loob niya. Kaya ano't napapangiti pa siya ngayon sa simpleng pagpapa-cute lang ni Andrew?

Dahil bago sa kanya ang bagay na iyon at wala siyang makuhang sagot sa katanungan ay ipinagsawalang-bahala muna niya iyon.

“O, sige na. Basta ’wag mo nang uulitin ang gan'on, ha? Ayoko nang sinosorpresa ako,” wika na lamang ni Sabryna pagkaraan.

“Naku! Patay tayo diyan,” pabulong nitong saad habang nagmamaneho.

Nilingon niya ito at binigyan ng pamatay na tingin na ikinatawa naman nito.



Kumakain ng tanghalian si Sabryna sa isang bench sa isang bahagi ng eskuwelahan nila. Baka kasi magkita uli sila ni Andrew kung kakain siya sa canteen.

Hindi niya alam kung paano ito pakikitunguhan matapos ang naganap na hapunan sa pamamahay ng mga ito. Hindi niya napaghandaan ang ganoong eksena. At hindi niya alam kung mapaghahandaan nga ba niya kung saka-sakali. Kaya mas maigi nang lumayo na siya rito.

He made her feel some things that she was not used to. At hindi iyon makakabuti sa kanya. Masyado na siyang maraming pinoproblema sa buhay para madagdagan ng isa pa.

“Nandito ka lang pala.”

Muntik nang matapon ang dala niyang pagkain sa sobrang pagkagulat sa biglaang pagsulpot ni Andrew mula sa kanyang likuran. Ngayon ay nakatabi na ito sa kanya at inaayos ang mga dala nitong pagkain. Napamaang na lamang siya rito.

“O, kain na,” aya nito sa kanya mayamaya.

“Ano’ng ginagawa mo rito?”

“Kumakain?” animo’y nalilitong sagot nito pagkaraan habang ngumunguya.

“Alam ko. Pero bakit dito?”

“Bakit hindi?”

“Hindi dito ang canteen.” Tila aalpas na ang inis ni Sabryna dahil sa kakulitan nito.

Hindi talaga siya magaling pagdating sa tamang pakikitungo sa mga tao. At mas lalong hindi maaasahan ang pasensya mula sa kanya.

“Kung gayon, bakit ka nandito?”

Napahugot siya ng malalim na hininga sa pagpipigil na maubos ang pasensya niya. “Drew, just leave me in peace, okay?”

“Hindi naman kita ginugulo habang kumakain ka, ah,” makulit pa ring tugon nito.

Napapikit na lamang siya nang mariin.

“Okay, okay. 'Wag ka nang magalit. Nakikipagkaibigan lang naman ako. May masama ba r'on?” paliwanag nito pagkatapos.

Tiningnan ni Sabryna nang matiim ang kausap, pero nakipagtitigan lang din ito sa kanya. Tuloy ay siya ang naunang magbaba ng tingin dahil hindi niya kayang makipagtitigan dito nang matagal.

Nagpatuloy na lamang siya sa pagkain. Hindi na niya inimik ulit si Andrew, pero animo'y balewala iyon dito. Magana pa rin itong kumakain at sa katunayan ay nilalagyan pa nga nito ng ulam ang baunan niya. She found that too sweet, which was exactly the reason why she felt uncomfortable.

“Drew, kumain ka na lang diyan, okay?”



'Wag mo na akong asikasuhin. Kaya ko namang kumaing mag-isa."

"Alam ko, pero gusto kong asikasuhin ka. Baka p'wedeng hayaan mo na lang din ako kagaya ng hinihiling mo?" pamimilosopo pa nito sa kanya habang puno ng kapilyuhan ang mga mata.

"Kulit mo rin, 'no!"

"Ang suplada mo kasi."

"Ewan ko sa 'yo!" Nakabusangot na nagpatuloy na lamang si Sabryna sa pagkain at ganoon din ang ginawa nito. Pangiti-ngiti pa.

Hindi niya maintindihan ang sarili. Gusto niyang lumayo sa binata at naiinis siya sa kakulitan nito, pero kasabay niyon, tila may hatid namang saya sa pakiramdam niya ang ginagawa nitong pakikipaglapit sa kanya. Pakiramdam niya ay importanteng tao siya lalo na't naglalaan ito ng panahon para lubusan siyang makilala.

*'Wag kang masyadong pakasiguro, Sabryna. Baka iwan ka rin lang niya...* Tila nanghina siya sa bulong ng isip niya, pero ipinagsawalang-bahala niya iyon at nagpatuloy sa pagkain habang pasulyap-sulyap siya sa katabing si Andrew.



Nakatingin sa kawalan si Sabryna habang

nasa waiting shed at naghihintay ng masasakyan pauwi sa boarding house niya. Nagulat siya nang may marinig siyang busina. Napatingin siya sa sasakyang bumusina at kusang bumilis ang pagtibok ng puso niya. Dahil ang may-ari ng sasakyang iyon ay walang iba kundi si Andrew.

Bumaba ito saka lumapit sa kanya. “Pauwi ka na ba?”

“Bakit?” pagtataray agad niya nang sa ganoon sana ay layuan na siya nito. Kahit sa totoo lang ay ang lakas-lakas ng kabog ng kanyang puso dahil sa pagkikita nilang muli.

Napangiti ang binata kapagkuwan, mala-boy-next-door. Mas lalo lang tuloy lumakas ang kabog ng puso ni Sabryna at tila sinabayan pa iyon ng panghihina ng mga tuhod niya.

“Ito naman, nagtatanong lang, ang suplada na agad,” anito habang nakapamulsa ang mga kamay sa pantalon nito. He looked so damn cool and yet at the same time, he also looked so hot.

*P'wede bang magkapanabay ang dalawang iyon? Hay, Sabryna, hindi na talaga tama ang itinatakbo ng utak mo!*

“Bakit ka ba kasi nandito?” Pinanindigan pa rin niya ang pagmamaldita upang sana ay maitaboy na niya ang lalaki. Ang hirap kasing

umakto nang normal sa harap nito dahil ang totoo ay ibang-iba ang nararamdaman niya sa tuwing nasa malapit ito.

“Kasi ihahatid kita.”

# Chapter Three



Napanganga si Sabryna sa kaprangkahan ng lalaki. “Kailan pa ako nagkaroon ng driver? Ang huling pagkakaalala ko, nagrerenta lang naman ako ng matutuluyan. Kaya papaano nangyaring may driver pala ako?” ani Sabryna nang mahimasmasan siya sa pagkamaang dito.

Sa hindi niya inaasahan ay napahalakhak ito. Tuloy ay muli siyang napatanga rito.

“You know what? You always surprise me,” wika ni Andrew habang titig na titig sa kanya. “Look, you’re too interesting to be left here alone. Delikado para sa ’yo. Kaya hayaan mo na akong ihatid ka.”

Tila nalulunod na sa samu't saring emosyon ang kanyang puso at ayaw niya ng ganoon. "Kasama na nga kita sa pagkain, pati ba naman sa pag-uwi ko? Ilang taon na akong umuuwing mag-isa, Drew. At wala namang nangyaring masama sa 'kin kagaya ng sinasabi mo. Kaya ko ang sarili ko," matapang niyang saad.

"Alam ko. And I also agree na hindi mo ako driver. Kasi, kaibigan mo 'ko."

"Alam mo, umalis ka na lang at umuwi sa inyo. Hinaharangan ng sasakyan mo ang mga dumaraang jeep, o. Matatagalan tuloy ako lalo. May duty pa akong hahabulin pagkauwi ko."

"Then it's more reasonable for you to let me drive you home."

"Ang kulit!" Nanggigigil na napapadyak si Sabryna, pero itsurang hindi pa rin bibigay si Andrew sa pangungulit sa kanya.

Luminga-linga siya sa paligid at napag-isip-isip niyang mahihirapan nga talaga siyang makasakay dahil hindi na tumitigil ang mga jeep doon sanhi ng nakaparadang sasakyan nito. Bigla pa namang kumulimlim ang langit.

"Tara na nga!" napipilitang pagpayag niya pagkaraan.

Siyang-siya naman ito dahil sa naging

desisyon niya. Pinagbuksan pa siya nito ng pinto ng sasakyan nito.

“So, s’an pa pala ang trabaho mo mamaya?” tanong nito na maya’t maya siyang sinusulyapan habang nagmamaneho.

Nilingon niya ito. “Bakit, ihahatid mo rin ako papunta d’on?” She found him impossible. Nagdadalawang-isip na siya kung tao ba talaga ito o isang makulit na makulit na aso na hindi makaintindi ng pambubugaw niya.

Ngumiti ulit ang binata na naging dahilan ng pagrarambulan ng mga bituka niya sa tiyan. “Well, if you’d allow me to, it’ll be my pleasure,” saad pa nito.

“No thanks,” aniya saka ito inismiran.

He chuckled. “Right, as I expected. So, saan ka nga nagtatrabaho?” tanong ulit nito.

“Drew, bakit ba ang dami mong tanong?” Napipikang napalingon ulit si Sabryna rito. Pero nang tumingin din si Andrew sa kanya, napilitan siyang mag-iwas ng tingin. Sa malas ay hindi talaga niya kayang makipagsabayan dito. Simula pa lang ay talong-talo na siya. Kailangan na talaga niyang umiwas dito. Dahil hindi ito makakabuti sa kanya.

“Kasi gan’on ang magkaibigan. They’d want

to know everything about their friend.”

Napabuga na lang siya ng hangin. “Sa *McDo*,” napipilitan niyang pag-amin.

“Ah... Hindi ka ba napapagod d’on? Di ba masyadong busy sa *McDo*?”

“Wala akong choice. Kailangan kong kumita para may panggastos ako habang nag-aaral at pambayad sa renta.”

Tumango-tango naman ito. Namayani na ang katahimikan sa pagitan nila.

“Here we are!” ani Andrew nang makapag-park na ito sa tawid ng nirentahan ni Sabryna. Bago pa man siya makahuma ay bumaba na ito ng sasakyan at pinagbuksan ulit siya ng pinto niyon.

“Thank you,” wika niya pagkababa.

“You’re welcome. I’ll see you tomorrow?”

“Ha?” nagtatakang tanong niya.

“Sabay tayong mag-lunch. Kung ako sa ’yo, ’wag mo na lang akong iwasan. Mahahanap at mahahanap pa rin kita.”

Sasagot pa sana si Sabryna, pero tinalikuran na siya ng binata at mabilis nang sumakay ulit sa sasakyan nito. Bago ito nagmaneho ay binuksan muna nito ang bintana ng kotse.

“Ingat ka mamaya sa duty mo, ha? Pahinga

ka nang maigi pag-uwi mo. See you tomorrow, Sab!” Sumaludo ito pagkatapos ay umalis na.

*How can I get rid of him?* Isang malalim na buntong-hininga ang pinakawalan ni Sabryna pero napapangiti naman siya habang napapailingiling saka tuluyan na siyang pumasok sa loob ng boarding house.



Nasa canteen si Sabryna at hinihintay ang pagsulpot ni Andrew mula sa kung saan. Sanay na siya rito at sa mga ginagawa nitong panggugulat at pangungulit sa kanya. Kahit ano kasing iwas niya rito ay sunod pa rin ito nang sunod sa kanya kaya napagod na rin siya sa bandang huli.

Isang taon na silang magkakilala at kasalukuyang nasa third year college na silang dalawa sa parehong kinukuhang kurso, Bachelor of Secondary Education major in English.

Hindi nga siya nagkamali dahil mayamaya lang ay may naglapag na ng bag sa katapat niyang upuan. Nang mag-angat siya ng mukha ay likod na lamang ni Andrew ang inabutan niya.

“Drew!” tawag niya rito. Nilingon naman siya nito nang may nakakatunaw ng pusong ngiti sa mga labi. “Wag mo na akong salihan ng order,



okay? Bumili ka lang ng para sa 'yo.” Palagi kasi siya nitong sinasalihan sa binibili nitong mga ulam. Kaya nga hindi na ito tumitigil para batiin siya. Sa halip ay direktso na ito sa counter dahil ayaw nitong marinig ang sermon niya.

“Ang ingay mo.” Iyon lang ang isinagot ni Andrew sa kanya. Naglakad na ulit ito papuntang counter ng canteen.

Napailing-iling na lamang si Sabryna. Samantala, hindi naman niya maiwasang itutok ang paningin sa binata habang naglalakad ito. Ang kisig nitong tingnan. Iyong tipong masasandalan mo sa tuwing manghihina ka. Iyong tipong kayang-kaya nitong protektahan ka.

*Sab! Enough!* Naipilig niya ang ulo dahil sa kung anu-anong itinatakbo ng isip niya. Minsan talaga ay kung saan-saan lumilipad ang utak niya basta si Andrew na ang subject.

“Okay! Kain na tayo!” masiglang saad ng lalaki nang mailapag na nito sa mesa ang dalang mga pagkain. As usual, ang dami nitong in-order.

“Drew, di ba s’abi ko—”

“Hep, hep, hep! Kain na lang tayo, okay?” sansala nito sa mga sasabihin pa sana niya.

“Bakit ba ang hirap mong paintindihin?”

“Bakit ba kasi hindi mo na lang ako hayaang

ilibre ka kahit ulam man lang? Gusto ko lang makatulong, Sab. Sobra-sobra naman ang allowance ko. Kesa igastos ko iyon sa bisyo, di ililibre ko na lang sa 'yo."

"Nakakahiya na kasi. Ang dami mo nang itinutulong sa 'kin. Iyong pakikipagkaibigan mo pa lang sa 'kin, pagdamay at pakikinig sa tuwing may mga hinaing ako sa buhay, sobra-sobra na iyon."

Hinawakan ni Andrew ang kamay niya na ikinaigtad niya. "Sab, this is too little compared to the things that I wanted to offer you. Kaya, please, hayaan mo na lang ako kahit dito man lang. Okay?"

Napipilitang napatango si Sabryna. "Thank you," sinserong tugon niya.

She's very blessed to have him as a friend. And she couldn't ask for more. Paano pa kaya kapag naging boyfriend niya ito?

*Are you kidding yourself, Sabryna? Kailan pa pumasok sa kukote mo ang ideyang iyan? Hindi ba't hindi mo na kailanman iaasa ang sarili mo sa ibang tao? asik niya sa sarili.*

*Pero wala na ba akong karapatang umibig? sagot naman ng bahaging iyon ng isipan niya.*



Naabutan ni Andrew si Sabryna sa ilalim ng malaking puno, kung saan niya ito unang natagpuan, abala sa kung anumang isinusulat nito sa notebook.

“Ano iyan? Assignment n’yo sa Math?” Nagtaka siya. “Teka... wala naman na tayong Math subject, ah,” napahimas sa baba na tanong niya rito.

“Hindi,” nakayukong sagot nito.

“Kung gan’un, ano? Ba’t puro numero?”

“Kinukuwenta ko lang ang budget ko. Parang kulang kasi. Napamahal yata ako d’on sa isang project namin,” anitong nakakunot-noo habang nakatingin pa rin sa notebook.

“Magkano’ng kulang?”

Saglit siya nitong pinukol ng tingin. “Don’t even dare, Drew.”

“Okay, okay!” Itinaas pa niya ang dalawang kamay kahit hindi naman na nakatingin sa kanya si Sabryna. “Hmm... Ilang oras nga ulit ang trabaho mo sa *McDo*?”

“Six to ten pm or eight to twelve midnight ang shift ko. Bakit?” Abala pa rin ito sa pagkukuwenta nang sumagot.

“May naisip kasi ako. Lumipat ka na lang kaya sa coffee shop na itinayo ng dalawa kong kaibigan?”

Kakabukas pa lang nila. Kulang pa raw ang staff nila. They offer a bigger salary than *McDonald's*. At saka mas makakapagpahinga ka d'on. There'd be times na wala masyadong customer kaya p'wede kang gumawa ng assignments mo o mag-aral. Samantalang sa *McDo*, pagod na pagod ka sa buong durasyon ng trabaho mo."

"Drew, trabaho iyan. Natural mapapagod ka. At saka nahihiya ako sa mga kaibigan mo. Baka isipin nila, inaabuso kita."

"Sab, they've been dying to meet you. Alam naman nilang hindi ka ganoong klase ng tao. Why don't you give it a try?"

"Ayoko. Salamat na lang."

He let out a deep sigh. Minsan talaga ang hirap intindihin ni Sabryna. Tiningnan na lang niya ito habang abala pa rin sa pagkukuwenta sa notebook nito at sa hawak nitong pera. At bigla ay may naisip siyang ideya.

"CR lang ako, 'tsaka didiretso na ako sa klase. Di ka naman kasi maistorbo."

Iwinasiwas lang ni Sabryna ang kamay nito tanda ng pagpapaalis sa kanya. Napangiti na lamang si Andrew. This girl could really be so clever, but she still managed to take a hold of his heart....



Matapos magkuwenta ay dumiretso na si Sabryna sa cashier ng eskuwelahan nila. May exams na kasi sila mamaya kaya kailangan na niyang bayaran ang balanse niya para makapag-exam siya.

Hindi na kasi siya full scholar nang mag-third year college na siya. Nahirapan na siyang i-maintain ang average grade na kailangan ng isang full scholar dahil sa hirap ng subjects at sa pagsasabay niya ng trabaho niya. Dahil doon, kailangan niyang magbayad ng kalahati ng tuition fee nila. Ipinagpapasalamat na lang niya na may fifty percent scholarship pa siyang natitira.

“Ma’am, babayaran ko na po ’yung balance ko,” sabi niya sa cashier pagkatapos iabot dito ang ID niya.

“Wala ka nang balanse, Miss Ferrando,” sagot nito, sabay balik ng ID sa kanya.

“Ho? Di ba ho n’ong huli kong tanong sa inyo ay meron pa akong ilang lilibuhing balanse? Papa’no po nangyaring wala na?”

“Aba’y may nagbayad, malamang,” pasuplada pang sagot nito, pero hindi na niya iyon inintindi

pa.

Nahulog sa malalim na pag-iisip si Sabryna sa kung sino ang maaaring nagbayad ng balanse niya sa eskuwelahan. Then a name popped out of her mind.

*Sino pa nga ba?* Nagngalit ang mga bagang niya sa inis. Kapagkuwan ay padabog niyang tinungo ang paborito nilang tambayang bench sa tabi ng isang malaking puno.

“Drew!” tawag niya sa binata nang makita ito roon. Animo’y relaxed na relaxed ito sa pagkakahiga. Ni hindi man lang siya nilingon ng hinayupak.

“Ba’t mo binayaran ang balanse ko, ha?” angil niya nang sa wakas ay makalapit na siya rito nang lubos.

“Sab, sinusubukan kong umidlip. Ang hirap ng exam kanina. Kaya please lang, let me be in peace.”

“RIP ang aabutin mo kapag hindi mo ’ko sinagot nang maayos, Chris Andrew Tan!”

“Hay...” Bumangon mula sa bench ang kaibigan niya at umupo. “Sab, ayaw mong tulungan kita sa paghahanap ng mas magandang trabaho na medyo malaki-laki ang kita kesa sa pinagtatrabahuhan mo ngayon, kaya tinulungan

na lang kita sa tuition fee.”

“Sino ba kasi’ng nagsabing kailangan ko ng tulong?” Nanggagalaiti na siya sa inis dito.

“Sab, kapag ako ba nakita mong may pinoproblema, at alam mo namang may maitutulong ka, hihintayin mo pa bang lumapit ako sa ’yo bago mo ’ko tulungan?”

“Wag mong iniiba ang usapan, Drew! Alam na alam mong ayokong magpatulong sa pinansyal na aspeto, eh. Ayaw mo lang talagang intindihin. Palibhasa hindi mo alam ang pakiramdam ng mawalan ng pride.” Tinalikuran niya ito.

“Tingin mo ba may pride pa ako sa ginagawa kong pagsunod-sunod sa ’yo, Sab? Sa pagpupumilit ko sa sarili ko sa ’yo? Kahit ilang beses mo na akong ipinagtatabuyan palayo. Kahit ilang beses mo nang hinihindian ang mga tulong ko?” ani Andrew na nakasunod na pala sa kanya. Mas binilisan pa ni Sabryna ang paglalakad ngunit nakasunod pa rin ito.

“I’m offering you friendship, Sab. Now if you think your pride is much more valuable than that, then I’m sorry. I’m sorry because I don’t think the same way as you do. I’m sorry because you’re far more important to me than anything else in this world. Especially more than that

damned pride!”

Napahinto siya sa paglalakad. Ilang saglit siyang nakatayo lang doon hanggang sa nagkalakas-loob siyang lingunin si Andrew. Ngunit huli na, dahil wala na roon ang binata. Iniwan na siya nito. Napagod na rin marahil ito sa kanya. Kagaya na lamang ng mga magulang niya.

Naramdaman na lamang niyang tumutulo na pala ang kanyang mga luha. Sinasabi na nga ba niya, hindi niya dapat hinayaan ang sariling mapalapit kay Andrew. Hindi niya dapat hayaan ang sariling mapalapit kahit kanino man. Dahil mapapagod lang ang mga ito sa kanya. Iwan siya. At sa huli, masasaktan siya. Ganoon naman parati. Hindi na siya natuto.

Hindi na sila nagkausap pang muli ng binata matapos ang huling komprontasyon nilang iyon mahigit dalawang buwan na rin ang nakalilipas.

Animo’y hindi siya nito kilala dahil nilalagpasan na lamang siya nito sa tuwing nagkakasalubong sila sa paaralan. Nahihiya naman siyang lumapit dito.

Missed na missed na niya ito... Ang pagiging makulit nito, ang pagiging maalaga, maalalahanin, at higit sa lahat, ang concern na ibinibigay nito sa kanya na hindi niya natanggap



---

kahit sa mismong mga kadugo niya. Ngunit ganoon siguro talaga, kapagod-pagod siyang makasama.

# Chapter Four



"Hi, Drew! Mabuti naman at napadpad ka rito. Aba, unang beses mo pa lang na punta rito mula nang magbukas 'tong *ChiAna Café*, ah!" ani Chinky na kaibigan ni Andrew. Naging kaibigan niya ito kasama nina Anthony, Lorylyn, at Anna mula noong college. Napag-iwanan lamang siya ng apat dahil nauna nang nagtapos ang mga ito sa kanya.

"Oo nga. Well, better late than never, right?"

"O siya, siya. Um-order ka na. At dahil unang beses mo pa lang dito, may free drink ka pa sa amin," ani Anna, ang partner ni Chinky sa negosyo.

"Aba! Ayos 'yan! Sige nga, ano ba'ng specialty

n'yo rito?"

"Saglit lang." Lumingon si Chinky sa counter at may tinawag. "Sab!"

Napatingin si Andrew sa counter dahil sa pangalang sinambit nito. Halos tumigil ang paghinga niya nang ilang sandali habang papalapit sa kanila ang tinawag ni Chinky na 'Sab' dahil iyon ay walang iba kundi mismong si Sabryna.

"Yes, Ma'am?" magalang nitong tugon.

"Pakikuha naman ng order ni Drew, o. Oh, anyway, hindi ko naman na kayo kailangang i-introduce sa isa't isa, right?" may himig panunuksong saad ni Chinky.

Samantala, hindi pa rin makapagsalita si Andrew. Ang tagal na nilang hindi nakakapag-usap ni Sabryna. Hindi na niya alam kung paano ito haharapin matapos ang komprontasyong naganap sa pagitan nila.

Sa loob ng dalawang buwan ay nagkasya na lamang siya sa pagmamasid dito mula sa malayo. Nagmistulang stalker pa nga siya, pero wala siyang pakialam kung nagmumukha man siyang tanga. Basta makita niya lang ito kahit sa malayo. At masiguro niyang nasa maayos itong kalagayan, okay na siya roon.

“Yes, Ma’am. Kilala ko po si Sir Drew. May I take your order, Sir?” tila bale-wala namang saad ni Sabryna na ikinainis ng binata.

“Sir?” he chuckled. “Wow!” Napailing-iling siya kapagkuwan. “Anyway, just give me any of your specialty here. Alam mo naman na kung ano ang taste ko. Oh, wait, mas malamang nga palang hindi. Anna, ano ba’ng maire-recommend mo? Ikaw na lang ang um-order para sa ’kin. Magkaibigan naman tayo. You know my taste,” he sarcastically said while looking at Sabryna’s face.

“Hay naku, ang gulo n’yong dalawa! Sab, ikaw na’ng bahala,” sabi ni Anna rito.

“Okay, Ma’am. Excuse me.” Tumalikod na ito sa kanila na animo bale-wala lang dito ang lahat.

“Kailan pa siya rito? At bakit hindi n’yo man lang sinabi sa ’kin?” agad na kompronta ni Andrew sa mga kaibigan.

“Hindi sinabi ang alin? Na dito na pala nagtatrabaho ang mahal mong si Sabryna?” ani Lorylyn na biglang sumulpot sa likuran niya.

“P’wede ba, Lorylyn, ’wag mo ngang pangunahan si Drew. Hayaan mo siyang magsalita,” wika ni Anthony na kasunod ni Lorylyn na pumasok sa *ChiAna Café*. Kompleto na ang barkada. “Hey, bro, kumusta? Long time

no see, ah.” Tinapik pa nito ang balikat niya bago umupo.

“So, alam n’yo palang lahat na nandito siya, ni wala man lang nagpasabi sa ’kin,” sumbat niya sa mga ito na pinagtawanan lang siya.

“Ano ba kasi kung nandito siya? Iyon naman talaga ang gusto mo, di ba? She may have disagreed to it back then, but aren’t you happy that she’s finally here now?” sabi ni Chinky.

“Oo na. Pero alam n’yo ring hindi kami okay ngayon. Sana man lang sinabi n’yong dito na pala siya nagtatrabaho para—”

“Para hindi ka na sana pumunta dito?” dugtong ni Anna sa sasabihin niya. “Mabuti nga ’tong nagkaharap kayo, di ba?”

Ngayon pinagsisisihan ni Andrew na ikinuwento niya sa mga ito ang tungkol kay Sabryna. Hindi kasi niya mapigilan ang sarili noon. Wala siyang ibang bukambibig kundi ang dalaga. Panay tukso pa nga ang mga kaibigan sa kanya dahil doon. Siya na raw ang tinamaan ng lintik. And he couldn’t agree more.

“Ewan ko sa inyo,” tanging naisagot na lamang niya sa mga ito. Sakto namang palapit na ulit si Sabryna sa mesa nila.

“Here’s your drink, Sir.”

“Thank you, *Miss.*” Talagang diniinan niya ang itinawag niya rito. Nag-angat ng tingin sa kanya si Sabryna dahil doon. Tiningnan lang din niya ito nang matiim.

Nakakainis kasi ang pagtawag nito sa kanya ng ‘Sir’ na animo ba walang bakas ng pagkakaibigan o pagkakakilala man lang nila.

Tikhim ni Anthony ang umagaw ng atensyon nila. “Uhm... Sab? Pa-order din, please.”

“Sure, Sir. Ano po’ng sa inyo?”

“Kung p’wede sana’yung matamis mong oo.”

Napukol ni Andrew ng masamang tingin ang kaibigan. Isang malutong na hampas sa braso mula kay Lorylyn naman ang inani ni Anthony. “Naman! Di ka na mabiro, Drew. At saka ikaw, Lorylyn, sumosobra ka na, ha! Di pa nga kita nililigawan, masyado ka nang possessive.”

“Kapal ng mukha mo, oy! Kahit kailan hindi ko pinangarap na ligawan mo ’ko, hayup ka!”

“Oy ano ba? Magsitigil nga kayong dalawa. Um-order na kayo at nang magawa na ni Sab ang sa inyo,” awat ni Anna sa mga ito.

Matapos magbigay ng order ng dalawa ay bumalik na rin si Sabryna sa counter.

“Ganda talaga ni Sab, hindi ba, Drew?” Si Anthony ulit.

“I know, and she’s off-limits, dude.”

“Whoa! Bakit, kayo ba?”

Isang nakamamatay na tingin ulit ang ipinukol ni Andrew rito.

“Tumahimik ka na lang kasi, tukmol ka,” ani Lorylyn na naging sanhi ng tawanan nina Anna at Chinky.

“Ang dami mo nang tawag sa ’kin, ah. Baka naman ‘honey’ talaga ang pinakaaasam-asam mong itawag sa ’kin, ha, Lorylyn?” tukso pa rito ni Anthony na mas lalo lang ikinainit ng ulo ni Lorylyn. Nakatikim tuloy ulit ng hampas ang lalaki mula rito.

Napasarap ang usapan at tuksuhan nilang magkakaibigan. Matagal-tagal na rin kasi mula noong huling nakompleto sila.

“O, pa’no, mauna na ako sa inyo, ha? Maaga pa ang trabaho ko bukas, eh,” mayamaya ay paalam ni Lorylyn sa kanila.

“Ihahatid na kita,” ani Anthony. Isang napakatalas na irap ang inani nito mula kay Lorylyn, pero hindi rin inayawan ng huli ang alok nito.

“Magsasara na rin naman kami. Ingat kayo pauwi. Diretso uwi, ha? Sa susunod na kayo mag-date,” ani Chinky sa dalawa.

“Eww!” nandidiring turan ni Lorylyn na pinagtawanan lang nila. Umalis na rin ang dalawa pagkaraan.

“Sab, magsara na tayo,” tawag ni Anna sa dalaga. Agad namang lumabas ang huli.

Nagtulungan na sila sa pagsasara ng *ChiAna Café* kasama ng iba pang staff niyon at pagkatapos ay nagsiuwian na ang mga ito matapos magpaalam kina Anna at Chinky.

“O, Sab, sumabay ka na kay Drew pauwi,” wika ni Chinky nang nasa labas na sila ng café.

“Naku! Hindi na po, Ma’am. Sasakay na lang po ako ng jeep,” nahihiyang tanggi nito.

She’s still the same Sabryna he knew. Masyadong mahiyain. Masyadong kimi. Iba nga lang kung magalit.

“Hay naku! Sige na, magpahatid ka na kay Drew. Para saan at may sasakyan siya kung hindi p’wedeng sakyan, di ba?” segunda ni Anna.

“Okay lang po talaga ako, Ma’am. Magdyi-jeep na lang po ako,” tanggi pa rin nito. Nasaling tuloy ang ego ni Andrew.

“Siyanga naman. Mas maganda pa ring mag-jeep kesa sumakay sa sasakyan ko. Mas masarap ang hangin sa jeep. Mas maluwang. At siyam na piso lang ang babayaran niya kesa sa sasakyan



ko na libre. Hayaan na natin siya.” His bruised ego talking.

“Maiwan na nga namin kayong dalawa. Ang gugulo n’yo.” Sabay na nga silang iniwan nina Anna at Chinky. Nagkatinginan silang dalawa ni Sabryna.

“Kung sasabay ka, sumakay ka na. Kung hindi, bahala ka.” Nauna na siyang lumulan ng sasakyan. Hindi niya inasahang susunod sa kanya ang babae.

“So, iiwan mo talaga ako d’on, gan’on?” sita ni Sabryna matapos isara ang pinto ng kotse pagkaupo nito sa front passenger seat.

“Iyon naman ang gusto mo, di ba? Kesa ipagpilitan ko pa ang sasakyan ko sa ’yo. Kung ako nga mismo tinanggihan mo na nang ilang beses, ano naman ang laban ng sasakyan ko sa ’yo?” He then started the ignition.

Wala silang imikan habang nasa daan hanggang sa makarating sila sa boarding house ng babae. Mabilis itong bumaba at umikot papunta sa kanyang banda saka kumatok sa bintana ng sasakyan. Nang buksan niya iyon ay may inabot itong sobre sa kanya at agad-agad ding umalis.

Nang tingnan ni Andrew ang laman niyon ay

mabilis siyang lumabas ng sasakyan at hinabol ito. Hindi siya nito nililingon kaya inabot na niya ang braso nito.

“Ano ’to?” tukoy niya sa sobreng iniabot nito.

“Bayad ko sa utang ko sa ’yo. Kaya ako nagdesisyong magtrabaho sa coffee shop ng mga kaibigan mo ay para mabayaran ’yung balance ng tuition fee ko na binayaran mo. Sakto ’yan. Salamat ulit sa pagtulong mo sa ’kin.” Sinubukan nitong bawiin ang braso, ngunit hindi niya iyon pinakawalan.

Hindi na talaga niya mapigilang umalpas ang pagkainis dito. “Hindi ako nagpapabayad,” nanggagalaiting sabi niya.

“Hindi rin naman ako nagpapatulong, pero tinulungan mo pa rin ako, Drew. Ngayon, nagbabayad ako kahit hindi ka nagpapabayad. Quits lang tayo.”

“Alam mo bang nakakapagod ka, Sab? Hindi ko na alam kung ano’ng gagawin ko sa ’yo. Hindi ko alam kung—”

“Oo, alam ko! Alam na alam ko. Matagal ko nang alam iyan. Simula sanggol pa lang ako. Pagod ka na rin sa ’kin kagaya nilang lahat! Kaya nga tinalikuran mo na rin ako, di ba? I looked back at you, Drew. Pero kagaya nila ay iniwan

mo rin ako,” naluluhang pahayag nito. “Mas mahaba nga lang ang pasensya mo kesa sa kanila, at ipinagpapasalamat ko iyon. ‘Wag kang mag-alala, naiintindihan naman ki—”

Hindi na niya pinatapos pa si Sabryna sa pinagsasabi nito dahil walang katotohanan ang mga iyon. Niyakap na lamang niya ito nang mahigpit at umasang maramdaman nito sa yakap niyang iyon ang hinahanap nitong pagtanggap at pagmamahal dahil hindi na niya alam kung sa paanong paraan pa maaaring ipakita at iparamdam iyon dito.

Sinapo ni Andrew ang magkabila nitong pisngi pagkatapos itong yakapin at tinitigan ito habang magkadikit ang kanilang mga noo. “Napagod lang ako, pero hindi ko naman gagawin ang ginawa nila sa ’yo. Hindi kita iiwan.” Tila may bahid ng pagkalito ang mga mata ni Sabryna na nakatitig sa kanya dahil sa sinabi niyang iyon. “Sige na, magpahinga ka na. Buong araw kang nasa labas. Matulog ka na,” malumanay na sabi niya rito pagkatapos.

Hindi pa iyon ang pagkakataon para magtapat siya ng nararamdaman dito. Ayaw niya itong madaliin. Masyado itong espesyal. Ang dami ng mga pinagdaanan nito sa buhay kaya alam

niyang mahihirapan siya sa pagkuha ng tiwala nito.

Iginiya na niya ito papasok sa boarding house. Ibinalik din niya ang sobreng ibinigay nito at inunahan na niya ito bago pa man ito makapagprotesta. “Yayakapin ba ulit kita, ’yung makikita nila,” aniya, sabay nguso sa mga tao sa loob ng boarding house nito, “o tatanggapin mo na lang iyan?” Tinitigan siya ng dalaga nang masama. Gayunpaman, napilitan na rin itong tanggapin ang sobre.

“Sige na, pasok ka na. Magpahinga ka nang maigi.” Matapos magpaalam dito ay tumalikod na si Andrew pabalik sa kanyang sasakyan.

“Drew!” tawag sa kanya ni Sabryna bago pa man siya makasakay. “Na-miss kita...” Binalot ng emosyon ang mukha nito at tila namuo pa ang luha sa mga mata, ngunit agad nitong pinasiglang muli ang boses pagkaraan. “Mag-iingat ka sa pagmamaneho pauwi.”

Now, that completed his day even more. Masaya na siyang nagmaneho pauwi.



Masayang pumasok ng kuwarto si Sabryna. Kay gaan ng pakiramdam niya ngayong nagkaayos na sila ni Andrew. Ang totoo niyan ay kaya siya

lumipat ng trabaho sa *ChiAna Café* ay para makapag-ipon ng pambayad sa lalaki.

Hindi dahil nagmamatigas pa rin siya sa pagtanggap ng tulong nito kundi dahil gusto niyang magkaroon ng mabigat na dahilan para makalapit muli rito. At nangyari na iyon. Sa katuwaan niya ay hindi lang siya basta nagkaroon ng pagkakataon na makalapit ulit sa kaibigan, nagkabati pa silang dalawa. Wala na siyang mahihiling pa.

Mahimbing siyang natulog nang gabing iyon.



Humahangos na pumasok si Sabryna sa likurang bahagi ng counter pagkarating na pagkarating niya sa *ChiAna Café*.

“Ma’am Anna, Ma’am Chinky, sorry po talaga. Hindi na po mauulit,” tukoy niya sa pagiging late niya. Nagpapirma pa kasi siya ng clearance sa eskuwelahan at doon siya natagalan.

Susunduin sana siya ni Andrew nang araw na iyon dahil wala naman itong pasok, pero sinabihan niya itong dumiretso na sa *ChiAna Café* dahil maliligo pa siya ulit pagkauwi. Nanlalagkit na kasi siya kanina sa sobrang init lalo na at paikot-ikot siya sa eskuwelahan dahil sa pinapapirmahang clearance.

“It’s okay, Sab. May nag-sub naman sa ’yo, eh,” nangingiting wika ni Anna sa kanya.

“Po?” naguguluhang turan niya rito.

“Hi, Sab! Buti naman at nandito ka na. Ang hirap pala ng ginagawa mo. Baka masyado ka na nilang pinapagod dito, ha?” Nilingon ni Sabryna si Andrew na nagsalita mula sa kanyang likuran.

Nakasuot ito ng uniporme nila roon at may dala-dalang tray na walang laman. Ang guwapo pa rin nito kahit na nakauniporme at may suot na apron. Lumakas tuloy lalo ang pagkabog ng puso ni Sabryna, hindi na dahil sa pagmamadali kundi dahil sa guwapong binatang kaharap niya ngayon.

*Nalintikan na!*

“Ano’ng ginagawa mo’t suot mo iyang uniform namin?” nagtataakang tanong niya rito.

“Ako ’yung sinasabi ni Anna na nag-proxy sa ’yo,” tumataas-baba ang mga kilay na sagot sa kanya ng binata habang ngiting-ngiti.

Nang mahimasmasan siya ay mabilis siyang lumapit dito at hinubad ang suot nitong apron.